SACRIFICE
316

# Ang Buhay na Handog

*"Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa masaganang habag ng Diyos sa atin, ako'y nakikiusap sa inyo na ialay ninyo ang inyong sarili bilang isang handog na buhay, banal at kalugud-lugod sa Diyos. Ito ang karapat-dapat na pagsamba ninyo sa Diyos. Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos."* Roma 12:1-2

**Ang iyong handog.** Ang panawagang iharap ang iyong katawan bilang isang *"buhay at banal na handog"* ay madalas na hindi nauunawaan ng tama. Gayunpaman, ito'y napakahalaga sapagkat ipinapakita nito ang tamang paraan upang maging higit pa sa isang pagiging Mananampalataya kay Jesu-Cristo. Hinahamon sa unang talata ang bawat Mananampalataya na mag-alay ng isang tiyak at partikular na handog sa Diyos matapos tumanggap ng kaligtasan. Ang ikalawang talata naman ay nagbibigay ng mga tagubilin kung paano mamuhay matapos ang handog na iyon. Magpasakop sa Diyos sa araw-araw bilang bahagi ng pagpapasan ng iyong krus bawat araw, Lucas 9:23. Gayunpaman, hindi iyon ang pangunahing intensiyon ng Roma 12:1. Ang utos na *"ihandog ninyo ang inyong mga katawan"* ay nangangahulugang gumawa ng isang *minsanan at panghabambuhay* na dedikasyon, pagsuko, at ganap na pagpapasakop sa Diyos. Hindi ito tungkol sa kaligtasan. Ang kaligtasan ay nakabatay lamang sa sakripisyo ni Cristo. Ito ay iba. Ito ang iyong handog. Hindi ito basta lang na araw-araw na handog. Ito ay ang pagbibigay ng iyong buhay ng walang kondisyon at permanente para sa Diyos bilang isang buhay, banal, at kalugud-lugod na handog. Ito ang kusang-loob mong pag-aalay ng sarili sa Diyos, para sa Kanyang kaluwalhatian at para sa Kanyang malayang paggamit sa iyong buhay.

**Bakit dapat gawin ang handog na ito?** Dahil ito sa Kanyang mga habag. Inilalarawan sa Roma kabanata 1–11 ang mga habag ng Diyos. Sa Roma 12:1 naman ay sinasabi kung ano ang nais ng Diyos na gawin mo bilang tugon sa mga habag na iyon. Ang Roma 12:2 ay nagbibigay ng dalawang paalala kung paano mamuhay *pagkatapos* ng iyong handog. Ang dakilang habag ng Diyos sa pagliligtas at pagpapabanal sa iyo ay malinaw na inilarawan sa unang labing-isang kabanata. Kaya iharap mo ang iyong sarili sa Diyos. Pagpapalain ka Niya sa buhay na ito at maging sa walang hanggan. Gayunpaman, ang tamang motibasyon para sa handog na ito ay wala sa harap mo. Ito ay nasa likuran mo. Ang tamang motibasyon ay nakabatay sa kung ano na ang ginawa ng Diyos para sa iyo. Isipin mo si Jesus na itinataas ang Kanyang mga kamay na may mga pilat ng pako habang sinasabi sa iyo: "Matapos ang lahat ng ginawa Ko para sa iyo, gawin mo naman ito para sa Akin." Iyan ang kahulugan ng Roma 12:1.

**Bakit isang beses na handog lamang?** Ito ay dahil sa kahulugan ng mga salita sa Roma 12:1-2. Ang mga pandiwa sa *"huwag kang maki-ayon sa sanlibutan"* at *"magbago ka"* sa 12:1 ay nasa presenteng kalagayan. Nangangahulugan ito na gagawin mo ang dalawang bagay na iyon at patuloy mo itong gagawin habambuhay. Gayunpaman, ang pandiwa sa katagang *"Ialay mo ang iyong katawan"* sa 12:1 at hindi isang simpleng presenteng kalagayan sa Griego. Sa Griego, nangangahulugan ito ng payak na kilos. Hindi ito nangangahulugan na dapat mo itong patuloy na gawin. Bagkus, nangangahulugan ito ng minsan at magpakailanman na gawa. Ito ay matibay na pagtatalaga ng iyong sarili para sa Diyos. Ialay mo ang iyong sarili bilang handog para sa Kanya. Ang Roma 12:1 ay tumutukoy sa iyong handog. Ito ay tungkol sa paglalagay ng iyong sarili ng permanente sa altar ng Diyos.

**Dalawang Ilustrasyon.** Ang Deuteronomio 15:12-17 ay nagbibigay ng ilustrasyon para rito. Ang isang napalayang alipin na Hebreo ay may kalayaang magdesisyon ng *kusang loob* at *permanente* niyang ilalagay ang sarili bilang alipin ng kanyang amo. Ang desisyon na iyon ay nakabatay sa nakaraang ipinadamang awa ng kanyang amo. Ito ay dahil sa pagmamahal ng alipin para sa kanyang panginoon. Ito ay permanente. Ginagamit ang isang pambutas upang butasin ang tainga ng isang alipin na kung saan ay nangangahulugan na siya ay alipin na ng kaniyang panginoon ng panghabang-buhay. Ang pagkaka-aliping ito ay desisyon ng alipin. Hindi ito ipinilit sa kanya. Ito ay permanenteng desisyon. Isa pang halimbawa ay ang paghahandog ng hayop sa Lumang Tipan. Ang hayop ay kailangang katanggap-tanggap bago siya isakripisyo sa altar. Ang isang hayop na may sakit o may kapintasan ay hindi katanggap-tanggap, ayon sa Levitico 1-5. Ipinapakita nito ang banal at katanggap-tanggap na parte ng iyong handog ayon sa Roma 12:1. Ang isang patay na hayop na inihandog ay nagpapakita ng ka-permanentehan ng handog. Walang inihandog na hayop ang gumapang at umalis sa altar kahit na nang apoy ay lumiyab na. Walang saserdote ang nagbalik ng inialay niyang hayop upang kunin niya ito ulit bukas para ialay. Ito ay permanenteng handog. Kung aalisin mo ang iyong handog ayon sa Roma 12:1 mula sa altar sapagkat ang apoy ay lumiyab na, maituturing na hindi talaga ito naging handog ayon sa Roma 12:1.

**Pag-uulit ng iyong handog.** Dapat mo bang ulitin ang iyong handog ayon sa Roma 12:1? Oo, kung ang iyong handog ay hindi katanggap-tanggap. Ang handog ayon sa Roma 12:1 ay kailangang buhay, banal, at katanggap-tanggap. Ikaw ay buhay sapagkat, noong sumampalataya ka kay Cristo, ikaw ay *"inilipat na siya sa kabuhayan mula sa kamatayan"* Juan 5:24. Ang pagiging banal na handog ay iyong responsibilidad. Ang hayop mula sa Lumang Tipan ay dapat maging katanggap-tanggap upang maging isang sakripisyo. Walang hayop ang pwedeng maging perpekto. Ngunit dapat wala itong sakit, malusog, at walang kapintasan. Ipinapakita nito ang dalawang bagay mula sa iyong handog ayon sa Roma 12:1. Una, dapat na ang iyong handog ay walang sakit. Ang sakit ng kasalanan at pagkahiwalay sa Diyos ay dapat magamot ng kaligtasan. Iyan ang dahilan kung bakit isinulat ang Roma 12:1 para sa mga mananampalataya lamang. (Ipinapakita mismo ng salitang "mga kapatid" sa talata). Ang handog ng di-Mananampalataya ay hindi katanggap-tanggap sapagkat dapat itong ibigay ng *matapos* ang pagkakaligtas at hindi *bago* ang pagkakaligtas. Kailangan mo munang lumapit kay Jesus bago mo Siya sundin. Upang ika'y maging sigurado sa iyong kaligtasan, bisitahin ang www.Gospel316.org. Ang banal na bahagi ang nagpapakita ng katanggap-tanggap na antas ng espirituwal na kalinisan sa buhay ng isang Mananampalataya. Sa paraan lang na ito maaaring tanggapin ng Diyos ang iyong handog ayon sa Roma 12:1. *"Ang sinumang lumalayo sa kasamaan ay katulad ng sisidlang natatangi, malinis at karapat-dapat gamitin ng may-ari para sa lahat ng mabubuting gawain."* 2 Timoteo 2:21. Hindi mo kayang maging perpekto. Gayunpaman, maaari mong ibigay ang iyong sarili sa isang sapat na antas ng espirituwal na kalusugan at kabanalan. Matapos tanggapin ng Diyos ang iyong buhay at banal na handog, hindi mo na kailangan pang uliting gawin. Ngunit, kung ang iyong handog ay hindi tinanggap ng Panginoon dahil ito ay panandalian lamang o dahil hindi ito banal, kailangan mo itong ulitin. Ialay mo ang iyong sarili bilang permanente, buhay, at banal na handog. Kusang-loob at permanente mong ipaalipin ang iyong sarili sa Panginoon. Huwag mo itong gawin ng basta-basta lang. Ito ay napakaseryosong desisyon matapos ang kaligtasan. Matapos matanggap ang iyong handog, ipagpatuloy mo ang iyong Roma 12:1 na pamumuhay na hindi nakikiayon sa sanlibutan kundi may pagbabagong buhay bilang tunay na tagasunod ni Jesu-Cristo. Matapos ang lahat ng ginawa Niya para sa iyo, gawin mo ito para sa Kanya!

**Ang buhay pagkatapos ng iyong handog.** *"Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos."* Roma 12:2. Ang talatang ito ang nagbibigay ng panghabangbuhay na aral matapos ang iyong handog ayon sa Roma 12:1. Ang pangaral na ito ay nasa presenteng kalagayan na nangangahulugang patuloy kang huwag makiayon sa sanlibutan kundi patuloy kang nagbabago ng dahil sa patuloy na pagbabago ng iyong isip. Huwag kang maki-ayon, huwag kang sumang-ayon, sa mga makasalanang gawain ng mundong ito. Huwag mong hayaang hubugin ka ng mundo sa kung ano ka bilang isang Mananampalataya. Pinapangaralan ka ng Roma 12:2 na *"magbago ka sa pamamagitan ng pagbabago ng iyong isip."* Ang salitang Griyego na isinalin bilang *nagbago* ay pareho ng salitang ginamit ni Jesus sa Mateo 17:2 at Marcos 9:2 na kung saan sinasabi na Siya ay *nagbagong-anyo.* Ang Roma 12:2 ay isang panawagan na magbagong-anyo sa pamamagitan ng pagbabago (renobasyon, ganap na pagbabago tungo sa ikabubuti) ng iyong isipan. Ang metamorphosis (pagbabago) na ito ay (mas kamangha-mangha kaysa sa isang uod na nagiging paru-paro) natutupad habang natututo ka at nagsasabuhay ng salita ng Diyos. Gawin mo ang iyong handog ayon sa Roma 12:1. Huwag mong hayaan na hubugin ka ng mundong ito. Magbagong anyo ka habang natututo at nagsasabuhay ng Salita ng Diyos. Kung gayon, matutukoy mo at maisasabuhay ang kalooban ng Diyos.

**"Upang iyong mapatunayan kung ano ang kalooban ng Diyos, yaong mabuti, katanggap-tanggap, at perpekto." Roma 12:2**

---

*Isang Buhay na Handog* © 2026 ni John D. Morris III na inilathala ng "Acts One Eight." Maaaring malaya mo itong i-printa, kopyahin, i-post, i-email, o i-message ng hindi binabago ang buong pahayag na nasasaad rito. Maaari mo ring idagdag ang iyong ministeryo at pangalan ng iyong simbahan o logo nito sa taas ng unang pahina at i-dagdag mo ang iyong kontak na impormasyon sa taas ng linya malapit sa dulo ng ikalawang pahina. *Sacrifice316* ay nakabatay sa Biblia lamang. Ito ay umiiral upang tulungan ang mga tao sa espirituwal na paglago upang hindi maging basta-bastang mananampalataya lamang ni Jesus. Maaari mong i-email ang Acts One Eight (sa wikang Ingles kung maaari) sa: Hello@Mail316.org. Ang mga serbisyo ng pagsasalin ay ibinibigay ng www.ChristianLingua.com. *Isang Buhay na Handog* ay makukuha sa 48 na wika ng libre sa www.Sacrifice316.org. Ang mga sipi sa berysong ingles ay mula sa new standard Bible 1995 ng The Lockman Foundation. Ang mga sipi mula sa Biblia sa Salin nito ay mula sa: Ang Bagong Ang Biblia